AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL
### Lesson 17

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Kaligtasan sa Loob ng Bahay".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 17**

Source: Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. 🦠❓

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa mensahe ni Jun-Jun ng Dasmariñas City.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, ligtas po ba talaga kami kung nasa loob po kami ng bahay?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hello, Jun-Jun!

Salamat sa iyong tanong. 🤗

--

Hello, Jun-Jun!

Salamat sa iyong tanong. 🤗

Oo, ligtas kayo sa loob ng inyong bahay dahil maiiwasan ninyo ang malapitang pakikipag-usap sa ibang tao na maaaring positibo sa COVID-19. 🏠😀❌🤒🦠

Natatandaan mo pa ba ang term na "Flattening the Curve"? 🤔➖ Ito yung pagpapababa ⬇ ng bilang ng mga nagpositibo sa COVID-19 at pag-iwas na kumalat ang COVID-19 sa Pilipinas sa pamamagitan ng limitadong pakikisalamuha sa ibang tao. 😀❌🤒🦠

Sabi nga sa isang kampanya ng Department of Heath ⚕, "Manatili sa Bahay, Magligtas ng Buhay." 🏠👨‍👩‍👧❤

**IV.✊ HAMON**

Pero, kailangan din nating linisin ang ating bahay 🏠 sa pamamagitan ng pagpupunas 🧽🧴 ng mga bagay na madalas nating hawakan, at paglalaba ng mga maruming damit gamit ang sabong panlaba, tubig, at bleach. 💧🧼🧴👕 (Isipin na bonding time ng iyong pamilya ang pag-alis ng germs, bacteria, at viruses na nakadikit sa mga bagay sa loob ng ating bahay. 🏠👨👩👧👦❌🦠)

Syempre, alagaan din natin ang ating sarili sa pamamagitan ng pagpapanatiling malinis at malusog ang pangangatawan - maghugas ng kamay 💧🧼👐, maligo 🛀, kumain ng masusustansyang pagkain 🍱, uminom ng tubig 🥛, at mag-ehersisyo. 🏋‍♂ (Dapat tayo ay maging mga batang may laban sa COVID-19 - may malakas na resistensya kontra coronavirus. 👊🦠)

Sulitin natin ang oras na ito sa pakikisalamuha o bonding sa ating pamilya ⏱👨👩👧👦. Panatilihin nating malinis at malusog ang pangangatawan ng bawat isa; at linisin natin ang ating bahay bilang pag-iingat sa mga pakalat-kalat ng coronaviruses. 🧽🧴🏠❌🦠

Ating tandaan, the family that beats COVID-19 together, will last forever. 👨‍👩‍👧👊🦠❤

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Ano ang tawag sa pagpapababa ng bilang ng mga nagpositibo sa COVID-19 at pag-iwas na kumalat ang COVID-19 sa Pilipinas sa pamamagitan ng limitadong pakikisalamuha sa ibang tao?
🔎 Ano ang kampanya ng DOH?
🔎 Tama o Mali. Labhan ang mga maruming damit gamit ang sabong panlaba, tubig, at bleach.

🔎 Tama o Mali. Ligtas kayo sa loob ng inyong bahay dahil maiiwasan ninyo ang malapitang pakikipag-usap sa ibang tao na maaaring positibo sa COVID-19.
🔎 Tama o Mali. Huwag linisin ang bahay dahil hindi naman lumalabas ng bahay.

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**
At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita tayo ulit bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🏻🧒🏻❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."